Opisina ng Mayor para sa Pabahay at Pag-unlad ng Komunidad
(Mayor's Office of Housing and Community Development)
Lungsod at County ng San Francisco

London N. Breed
Mayor (Alkalde)

Eric Shaw
Direktor

APLIKASYON PARA SA SERTIPIKO NG PAGBIBIGAY NG PREPERENSYA SA UMUUPANG NAWALAN NG TAHANAN (DISPLACED TENANT HOUSING PREFERENCE CERTIFICATE APPLICATION)

Mga Instruksyon para sa Pag-aaplay sa Programang DTHP

Salamat sa inyong interes sa pag-aaplay na magkaroon ng sertipiko ng pagbibigay ng preperensya para sa abot-kayang pabahay (affordable housing preference certificate) sa pamamagitan ng Programa ng Pagbibigay ng Preperensya sa Umuupang Nawalan ng Tahanan Displaced Tenant Housing Preference Program (DTHP) ng San Francisco.

Mahalagang maintindihan kapwa ang mga gabay sa pag-aaplay at gabay sa pagiging kuwalipikado para sa sertipiko ng DTHP. Para sa mga detalye ng programa, pakipag-aralan ang Affordable Housing Preference Program Procedures Manual (Manwal Tungkol sa mga Patakaran ng Programa para sa Pagbibigay ng Preperensya sa Abot-kayang Pabahay) sa Lungsod at Lalawigan ng San Francisco. Pwede rin itong matagpuan sa aming website na nasa: http://sfmohcd.org/displaced-tenant-housing-preference-program

Pwede ninyong kompletuhin ang aplikasyon para sa DTHP, ang sinumpaang salaysay o affidavit, at iba pang kinakailangang form online (mag-type lang sa mga field o espasyo na nasa pdf na ito). Matapos i-type ang inyong impormasyon, i-print ang mga form, at pagkatapos, pumirma/maglagay ng petsa kung saan naaangkop (hindi ninyo mase-save ang ipinasok na impormasyon, kaya tiyaking mapi-print ninyo ang pakete ng aplikasyon bago isara ito). Kung, sa anumang dahilan, hindi ninyo kayang makompleto ang aplikasyon online, pwede ninyo itong i-print at kompletuhin nang sulat-kamay. Pwedeng isumite ang sulat-kamay na aplikasyon sa MOHCD sa pamamagitan ng alinman sa mga pamamaraang binabanggit sa ibaba.

Kailangan ding magsumite ang mga umuupa (tenant) na nawalan ng tahanan nang dahil sa sunog ng form para sa Pagpapatunay ng Pagkawala ng Tahanan nang Dahil sa Sunog (Fire Displacement Verification) na pirmado na opisyal para sa pampublikong kaligtasan.

Kapag na-print na ninyo ang kompletong aplikasyon, pirmahan ito, i-scan, at pagkatapos, isauli ito sa MOHCD sa pamamagitan ng email sa DTHPcertificate@sfgov.org. Pakitiyak na maisasama ninyo ang iba pang kinakailangang dokumento.

Pwede rin kayong magsumite ng nakompleto nang pakete ng aplikasyon nang personal, sa pamamagitan ng koreo o fax sa:

DTHP
Mayor's Office of Housing and Community Development
1 South Van Ness, Fifth Floor
San Francisco, CA 94103
Fax (415) 701-5501
Para sa mga espesipikong tanong tungkol sa programa o sa pagkompleto sa proseso ng pag-aaplay, pakitawagan ang (415) 701-5613. Sisikapin naming tawagan kayo sa loob ng 48 oras.

APLIKASYON PARA SA SERTIPIKO NG PAGBIBIGAY NG PREPERENSIYA SA UMUUPANG NAWALAN NG TAHANAN (DISPLACED TENANT HOUSING PREFERENCE CERTIFICATE APPLICATION)

Kompletuhin lamang ang aplikasyong ito kung napaalis kayo dahil sa Batas Ellis o Pagpapaalis dahil sa Pagtira ng May-ari sa Inuupahan Owner Move-In (OMI) sa San Francisco, bago o matapos ang Enero 1, 2010, o kung nawalan kayo ng tahanan nang dahil sa sunog sa San Francisco at hindi kayo pwedeng bumalik sa unit sa loob ng anim na buwan matapos mawalan ng tahanan. Tingnan ang mga patakaran sa pagiging kuwalipikado sa http://sfmohcd.org/displaced-tenant-housing-preference-program-0

IMPORMASYON SA PAGKONTAK

PANGALAN _____ _____ _____ _____ PETSA _____

Titulo *Unang Panglaan* *Panggitnang Pangalan* *Apelyido* *mm/dd/yy*

KASALUKUYANG ADDRESS	ADDRESS SA PAGPAPADALA * ☐ I-tsek kung pareho NG kasalukuyang address
_____ _____ _____ _____	_____ _____ _____ _____
# sa Kalye *Pangalan ng Kalye* *Uri ng Kalye* *Unit*	*# sa Kalye* *Pangalan ng Kalye* *Uri ng Kalye* *Unit*
_____	_____
Ikalawang Linya para sa Address	*Ikalawang Linya para sa Address*
_____ _____ _____	_____ _____ _____
Lungsod *Estado* *Zip Code*	*Lungsod* *Estado* *Zip Code*

*Pinakamainam na address para sa pagpapadala ng pisikal na sertipiko.

TELEPONO SA ARAW _____ _____ TELEPONO SA GABI _____ _____ EMAIL ADDRESS _____

Area Code *Numero ng Telepono* *Area Code* *Numero ng Telepono*

Alternatibong Kontak: _____ (Pangalan at Numero ng Telepono)

URI NG PAGKAWALA NG TAHANAN: ☐Batas Ellis ☐Pagtira ng May-ari (OMI) ☐Pagkawala ng Tahanan nang Dahil sa Sunog

IMPORMASYON TUNGKOL SA PAGKAWALA NG TAHANAN

ADDRESS KUNG SAAN NANGYARI ANG PAGKAWALA NG TAHANAN	KASAYSAYAN NG ADDRESS KUNG SAAN NANGYARI ANG PAGKAWALA NG TAHANAN		
	Petsa ng Pagtira (Move In)	Petsa ng Pagfa-file ng Abiso ng Pagpapaalis (Eviction Notice)*	Petsa ng Pag-alis (Move Out)
_____ _____ _____ _____	_____	_____	_____
# sa Kalye *Pangalan ng Kalye* *Uri ng Kalye* *Unit*	*mm/dd/yy*	*mm/dd/yy*	*mm/dd/yy*
_____			
Ikalawang Linya para sa Address			
_____ _____ _____			
Lungsod *Estado* *Zip Code*			

*Petsa kung kailan nag-file ang nagpapaupa (landlord) sa inyo ng Abiso tungkol sa Intensyong Hindi na Magpaupa (Notice of Intent to Withdraw, Batas Ellis) o Abiso tungkol sa Pagpapaalis (Eviction Notice, OMI) sa San Francisco Rent Board. Para sa mga Pagpapaalis na OMI, kung hindi nag-file ng Abiso tungkol sa Pagpapaalis sa Rent Board, ilagay ang petsa kung kailan ibinigay sa inyo ang Abiso tungkol sa Pagpapaalis.

(IPINAGPAPATULOY SA SUSUNOD NA PAHINA)

APLIKASYON PARA SA SERTIPIKO NG PAGBIBIGAY NG PREPERENSYA SA UMUUPANG NAWALAN NG TAHANAN (DISPLACED TENANT HOUSING PREFERENCE CERTIFICATE APPLICATION)

IMPORMASYON KAUGNAY NG PAGIGING KUWALIPIKADO NA MAGKAROON NG SERTIPIKO NG PAGBIBIGAY NG PREPERENSIYA SA UMUUPANG NAWALAN NG TAHANAN (DISPLACED TENANT HOUSING PREFERENCE CERTIFICATE)

KOMPLETUHIN LAMANG ANG SEKSYON NA ITO KUNG NAWALAN NG TAHANAN SA PAMAMAGITAN NG PAGPAPAALIS BATAY SA BATAS ELLIS O PAGPAPAALIS NA OMI

Nakalista ba ang pangalan ninyo sa Abiso tungkol sa Intensyong Hindi na Magpaupa (Batas Ellis) o Abiso tungkol sa Pagpapaalis (OMI) na naka-file sa Rent Board? ◯ OO ◯ HINDI **Kung sumagot kayo ng oo**, wala nang kinakailangan na iba pang dokumentasyon. **Kung sumagot kayo ng hindi**, kailangan ninyong magsumite ng dokumentasyon ayon sa pagkakalarawan dito:	Anumang dalawa sa mga dokumentong nakalarawan sa ibaba (kailangang may petsang nasa loob ng 45 araw bago ang petsa kung kailan nag-file ng NOI o Abiso tungkol sa Pagpapaalis sa Rent Board o kung kailan ibinigay ito sa umuupa) Abiso tungkol sa Pagpapaalis para sa hindi na pauupahang unit. Singil sa utility (landline na telepono, cable, internet, tubig, gas, koryente o basura) Paystub o rekord ng sweldo Mga rekord ng pampublikong benepisyo (halimbawa, SSI/SSDI, Medi-Cal, Pangkalahatang Tulong, Seguro para sa Kawalan ng Trabaho o Unemployment Insurance, CalFresh) Rekord sa paaralan Kailangang magtaglay ang lahat ng rekord ng pangalan at address ng aplikante na parehong-pareho sa nakasulat sa Abiso tungkol sa Intensyong Hindi na Magpaupa o Abiso tungkol sa Pagpapaalis. Kailangang pwedeng mapatotohanan ng pinagkunan ang lahat ng dokumento. Nirereserba ng MOHCD ang karapatan na hindi tanggapin ang anumang dokumentasyon dahil kaduda-duda ito o hindi mapatotohanan.

KOMPLETUHIN LAMANG ANG SEKSYON NA ITO KUNG NAWALAN NG TAHANAN NANG DAHIL SA SUNOG

Kasalukuyan ba kayong nawalan ng tahanan nang dahil sa sunog? ◯ OO ◯ HINDI **Kung sumagot kayo ng hindi**, hindi kayo kuwalipikado para sa pagbibigay ng preperensiyang ito. Hindi ba kayo makabalik sa unit sa loob ng anim na buwan matapos ang petsa ng pagkawala ng tahanan? ◯ OO ◯ HINDI **Kung sumagot kayo ng hindi**, hindi kayo kuwalipikado para sa pagbibigay ng preperensiyang ito. **Kung sumagot kayo ng oo**, kailangan ninyong magsumite ng dokumentasyon ayon sa pagkakalarawan dito:	▪ Kopya ng Utos na Umalis sa Inuupahan (Order to Vacate) O ▪ Kopya ng Pirmadong Kasunduan sa Pag-upa (Signed Lease) O ▪ Alinmang dalawa sa mga dokumentong nakalarawan sa ibaba (kailangang may petsang nasa loob ng 45 araw bago ang araw ng pagkawala ng tahanan dahil sa sunog). Pwedeng makakuha ng kopya mula sa mga ahensya kung kinakailangan. Singil sa utility (landline na telepono, cable, internet, tubig, gas, koryente o basura) Paystub o rekord ng sweldo Mga rekord ng pampublikong benepisyo (halimbawa, SSI/SSDI, Medi-Cal, Pangkalahatang Tulong, Seguro para sa Kawalan ng Trabaho o Unemployment Insurance, CalFresh) Rekord sa paaralan Kailangang magtaglay ang lahat ng rekord ng pangalan at address ng aplikante na parehong-pareho sa nakasulat sa form na Pagpapatunay ng Pagkawala ng Tahanan nang Dahil sa Sunog (Fire Displacement Verification). Kailangang puwedeng mapatotohanan ng pinagkunan ang lahat ng dokumento. Nirereserba ng MOHCD ang karapatan na hindi tanggapin ang anumang dokumentasyon dahil kaduda-duda ito o hindi mapatotohanan. AT ▪ Ang form na Pagpapatunay ng Pagkawala ng Tahanan nang Dahil sa Sunog (matatagpuan sa Pahina 5) na nakompleto na ng opisyal para sa pampublikong kaligtasan.

(IPINAGPAPATULOY SA SUSUNOD NA PAHINA)

APLIKASYON PARA SA SERTIPIKO NG PAGBIBIGAY NG PREPERENSYA SA UMUUPANG NAWALAN NG TAHANAN (DISPLACED TENANT HOUSING PREFERENCE CERTIFICATE APPLICATION)

DEKLARASYON NG PATULOY NA PAGTIRA SA INUUPAHAN (DECLARATION OF CONTINUOUS OCCUPANCY)

Para lamang sa mga Pagpapaalis Batas Ellis at Pagtira ng May-ari:

Ako, si (ilagay ang pangalan dito) _____, ay nakatira sa (Ilagay ang address kung saan napaalis) _____ sa panahong nag-file ang nagpapaupa sa akin ng Abiso tungkol sa Intensiyong Hindi na Magpaupa (pagpapaalis batay sa Batas Ellis) o Abiso tungkol sa Pagpapaalis (pagpapaalis dahil sa Pagtira ng May-ari) sa San Francisco Rent Board, o noong binigyan niya ako ng Abiso tungkol sa Pagpapaalis.

Para lamang sa pagkawala ng tahanan nang dahil sa sunog:

Ako, si (ilagay ang pangalan dito) _____ , ay nakatira sa (Ilagay ang address ng tahanan na nawalang tahanan) _____ noong panahon ng sunog. Kasalukuyan akong walang tahanan nang dahil sa sunog at hindi ako makabalik sa unit sa loob ng takdang panahon na anim na buwan mula sa petsa ng pagkawala ng tahanan.

Ipinahahayag ko sa ilalim ng parusa para sa pagsisinungaling na nasa ilalim ng mga batas ng Estado ng California na totoo at tumpak ang mga naunang nakasaad. Tinatanggap ko at naiintindihan na aasahan ang Sinumpaang Salaysay (Affidavit) na ito para sa mga layunin ng pagpapasya kung kuwalipikado ako para sa restricted unit (mga pabahay na may restriksyon ang halaga sa pagpapaupa o pagbebenta) sa ilalim ng Programa para sa Abot-kayang Bahay na Bukas sa Lahat (Inclusionary Affordable Housing Program). Tinatanggap ko na ang paggawa ng materyal na maling pahayag, panlilinlang man o dahil sa kapabayaan, sa Sinumpaang Salaysay na ito, o sa anumang iba pang pahayag na ginawa ko kaugnay ng aplikasyon sa ilalim ng Mga Pagbibigay ng Preperensya (Preferences) sa Mga Programa para sa Abot-kayang Pabahay o Affordable Housing Programs (alinsunod sa Ordinansa Numero 0164-16) ay hahantong sa pagtanggi ng Lungsod sa aking aplikasyon.

_____ _____

LAGDA NG APLIKANTE *PETSA*

APLIKASYON PARA SA SERTIPIKO NG PAGBIBIGAY NG PREPERENSYA SA UMUUPANG NAWALAN NG TAHANAN (DISPLACED TENANT HOUSING PREFERENCE CERTIFICATE APPLICATION)

Hindi maaapektuhan ng mga opsiyonal na tanong na ito ang inyong pagiging kuwalipikado sa anumang paraan.
Lubos na mananantiling kumpidensyal ang inyong mga indibidwal na sagot at gagamitin lamang para sa paggawa ng mga istatistiko.

PANG-ISTATISTIKONG IMPORMASYON

Alin sa mga ito ang pinakanakapaglalarawan sa inyong kasarian? (Paki-tsek ang pinakanakapaglalarawan sa kasalukuyang identidad ng inyong kasarian

- ☐ Babae
- ☐ Lalaki
- ☐ Genderqueer (walang identipikasyon sa alinman sa mga tradisyunal na kasarian)/Gender Non-binary (hindi eksklusibong babae o lalaki)
- ☐ Trans na Babae
- ☐ Trans na Lalaki
- ☐ Hindi nakalista – pakitukoy: _____

Ano ang pinakanakapaglalarawan sa inyong seksuwal na oryentasyon o seksuwal na identidad? (Paki-tsek ang isa)

- ☐ Bisexual (dalawa ang kasarian)
- ☐ Bakla/ Lesbiana/Nagmamahal sa taong pareho ang kasarian
- ☐ Nagtatanong/Hindi tiyak
- ☐ Straight/ Heteroseksuwal
- ☐ Hindi nakalista – pakitukoy: _____

Alin sa mga ito ang pinakanakapaglalarawan sa inyong etnisidad? (pumili ng isa)

❍ Hispaniko/Latino ❍ Hindi Hispaniko/Latino

Alin sa mga ito ang pinakanakapaglalarawan sa inyong lahi? (pumili ng isa)

- ❍ Amerikanong Indian/Katutubo ng Alaska
- ❍ Asyano
- ❍ Itim/Aprikano Amerikano
- ❍ Katutubong Hawaiian/Iba pang Taga-Isla Pasipiko
- ❍ Puti
- ❍ Amerikanong Indian/Katutubo ng Alaska *at* Itim/Aprikano Amerikano
- ❍ Amerikanong Indian/Katutubo ng Alaska *at* Puti
- ❍ Asyano *at* Puti
- ❍ Itim/Aprikano Amerikano *at* Puti
- ❍ Iba pa /May iba't ibang Lahi

Petsa ng Kapanganakan_____

Laki ng Kabahayan _____*katao*

Pangunahing Wika _____

Taunang Kita Bago Mabawasan ng Buwis (Gross Annual Income)
(Indibidwal) $_____kada taon

Makahahanap ng iba pang impormasyon tungkol sa hinihiling na demograpikong impormasyon sa www.sfmohcd.org

LAGDA

KINAKAILANGANG ID

❑ Nakapagbigay na ako ng kopya ng may bisang ID na kaloob ng gobyerno.

SINUMPAANG SALAYSAY (AFFIDAVIT)

❑ Napirmahan ko na ang "Sinumpaang Salaysay ukol sa Patuloy na Paninirahan (Affidavit of Continuous Occupancy)" na nasa pahina 3 ng aplikasyong ito.

TOTOO ANG LAHAT NG PAHAYAG NA GINAWA SA APLIKASYONG ITO AT GINAWA ANG MGA ITO PARA SA LAYUNIN NG PAG-AAPLAY NA MAGKAROON NG SERTIPIKO NG PAGBIBIGAY NG PREPERENSYA SA UMUUPANG NAWALAN NG TAHANAN (DISPLACED TENANT HOUSING PREFERENCE CERTIFICATE) SA KABUUAN NG LUNGSOD AT LALAWIGAN NG SAN FRANCISCO. PWEDENG MAKAKUHA NG PAGPAPATUNAY MULA SA ANUMANG PINAGKUNAN O SOURCE NA NABANGGIT SA APLIKASYONG ITO. LUBOS KONG NAIINTINDIHAN NA HAHANTONG ANG PAGGAWA NG ANUMANG HINDI TOTOONG PAHAYAG KAUGNAY NG APLIKASYONG ITO SA PAGTANGGI NG LUNGSOD SA APLIKASYONG ITO.

_____ _____

LAGDA NG APLIKANTE *PETSA*

APLIKASYON PARA SA SERTIPIKO NG PAGBIBIGAY NG PREPERENSYA SA UMUUPANG NAWALAN NG TAHANAN (DISPLACED TENANT HOUSING PREFERENCE CERTIFICATE APPLICATION)

PAGPAPATUNAY NG PAGKAWALA NG TAHANAN DAHIL SA SUNOG

Nirerepaso ng MOHCD ang umuupa na nakalista sa ibaba para malaman kung kuwalipikado siya sa Programang Pagbibigay ng Preperensya sa Pabahay para sa Umuupang Nawalan ng Tahanan (Displaced Tenant Housing Preference, DTHP) na ginagawang posible ng Kodigong Administratibo -- Mga Preperensya sa mga Programa para sa Abot-kayang Pabahay (Affordable Housing Programs, #0164-16). Sinasabi ng aplikanteng ito na kuwalipikado siya dahil nawalan ng tahanan bunga ng sunog. Kailangang kompletuhin ang form na ito ng opisyal para sa pampublikong kaligtasan. Pakikontak ang Ahensiya para sa mga Serbisyong Pantao (Human Services Agency) – Unit para sa Pang-emergency na Pagtugon (Emergency Response Unit, 170 Otis Street): kira.barrera@sfgov.org at sa 415-557-5311.

PANGALAN PETSA

Titulo *Unang Pangalan* *Panggitnang Pangalan* *Apelyido* *mm/dd/yy*

ADDRESS KUNG SAAN NANGYARI ANG PAGKAWALA NG TAHANAN NANG DAHIL SA SUNOG

 # sa Kalye *Pangalan ng Kalye* *Uri ng Kalye* *Unit*

Ikalawang Linya para sa Address

Lungsod *Estado* *Zip Code*

PETSA NG PAGKAWALA NG TAHANAN NANG DAHIL SA SUNOG

mm/dd/yy

Nakikita ba ng aplikante na mawawalan siya ng tahanan o hindi siya makakatira sa unit sa loob ng 6 buwan matapos ang Petsa ng Pagkawala ng Tahanan (Displacement Date)?

○ OO ○ HINDI

Pakipaliwanag ang kasalukuyang katayuan at ang sitwasyon ng nangyaring pagkawala ng tahanan:

OPISYAL PARA SA PAMPUBLIKONG KALIGTASAN

I-print ang Pangalan: Telepono:

Titulo: Ahensiya:

LAGDA NG PAGPAPATUNAY *PETSA*

Pakisauli ang nakompleto na at napirmahang form na ito sa:
DTHP Program/MOHCD, 1 South Van Ness Ave., 5th Fl., San Francisco, CA 94103 DTHPcertificate@sfgov.org

Para sa mga tanong, paki-email o pakitawagan ang DTHP Program, sa (415) 701-5613
1 South Van Ness Avenue, 5th Fl. San Francisco, CA 94103
Pangunahing Telepono (415) 701-5500 • Fax (415) 701-5501 • TDD (415) 701-5503 • www.sfmohcd.org

APLIKASYON PARA SA SERTIPIKO NG PAGBIBIGAY NG PREPERENSYA SA UMUUPANG NAWALAN NG TAHANAN (DISPLACED TENANT HOUSING PREFERENCE CERTIFICATE APPLICATION)

GABAY NA LISTAHAN NG MGA DOKUMENTO PARA SA MGA APLIKANTE

MGA INSTRUKSIYON

Listahan ng mga Kailangang Dokumento:	√
Nakompleto nang Aplikasyon para sa DTHP: Pahina 1-4 - Nakompleto na ang unang pahina. - Na-check na ang naaangkop na uri ng pagkawala ng tahanan na nasa pahina 2. - Nakompleto na ang mga pahina at may pirma na ang ikatlo at ika-apat na pahina.	
-Kung dahil sa sunog ang pagkawala ng tahanan, kailangan ang pahina 5 na "Form para sa Pagpapatunay ng Pagkawala ng Tahanan nang Dahil sa Sunog (Fire Displacement Verification)"	
Anumong dokumento na nagbibigay ng suporta (mga paystub o rekord ng sweldo, rekord sa paaralan, PG&E, singil sa cable, internet o basura)	
Kopya ng ID na Ipinagkakaloob ng Gobyerno	

Isumite ang inyong nakompleto at napirmahan nang aplikasyon, mga nagbibigay ng suportang dokumento, at kopya ng inyong ID sa pamamagitan ng isa sa mga sumusunod:

Sa pamamagitan ng email (mas gusto namin ito) DTHPcertificate@sfgov.org	Sa pamamagitan ng fax (415) 701-5501
Sa pamamagitan ng koreo o nang personal DTHP Program / Mayor's Office of Housing and Community Development 1 South Van Ness Avenue, 5th Floor San Francisco, CA 94103	

Mga susunod na hakbang:
Kokontakin kayo ng MOHCD sa pamamagitan ng sulat tungkol sa katayuan ng inyong pagiging kuwalipikado at/o kung mayroon pang kailangan na karagdagang dokumento.